

Ano ang CalSavers?

Ang CalSavers ay ang bagong programa sa pagreretiro ng California para sa mga trabahador sa pribadong sektor na sa kasalukuyan ay walang paraan ng pag-iimpok sa trabaho. Ito ay simple at ganap na boluntaryo para sa mga empleyado.

- Pinondohan ng ipon ng empleyado (walang bayad ang employer o mga kontribusyon)
- Ang partisipasyon ng empleyado ay ganap na boluntaryo at maaari silang sumali o umalis anumang oras
- Pinangasiwaan ng pribadong-sektor na mga serbisyong pinansiyal na kompanya at pinamamahalaan ng pampublikong lupong pinangungunahan ng State Treasurer

Limitadong tungkulin ng employer

- Magdagdag ng mga empleyado sa CalSavers
- Magsumite ng mga kontribusyon ng kalahok na empleyado sa CalSavers sa pamamagitan ng simpleng pagkaltas sa payroll
- Walang mga bayad para mapadali ng mga employer ang programa at ang mga employer ay hindi mga katiwala ng programa



Pagtugn sa inaatas sa pagpaparehistro ng CalSavers

Ang CalSavers ay para sa mga employer na may lima o higit pang empleyado na hindi naghahandog ng plano sa pag-iipon para sa pagreretiro. Ang tatlong-taong yugto ng pagpapalabas ay may kasamang paisha-isang takdang petsa sa pagpaparehistro batay sa laki ng employer. **Lahat ng mga nararapat na empleyado ay maaaring sumali anumang oras bago ang deadline ng pagpaparehistro nila.**

Mahigit sa 100

Pinalawak ang deadline

Setyembre 30, 2020*

Mahigit sa 50

Hunyo 30, 2021

5 o mas marami pang empleyado

Hunyo 30, 2022

*Inaprubahan ng Secure Choice Retirement Savings Investment Board ng California ang pagpapalawig ng deadline na ito noong Abril 15, 2020. Pormal na magkakabisa ang pagpapalawig kapag nakumpleto ang opisyal na pagpapatibay at inaprubahan ng Office of Administrative Law ang pagbabago ng regulasyon, na inaasahan sa Mayo 2020.



Para sa higit pang impormasyon



employer.calsavers.com



clientservices@calsavers.com



(855) 650-6916



Lun - Biy 8:00 a.m. - 8:00 p.m. PT

Sundan kami



@CalSavers



CalSavers

Isang programa sa pag-iimpok sa pagreretiro na mapagkakatiwalaan ng mga empleyado

Ang CalSavers ay isang simple, murang paraan para makapag-iimpok ang mga empleyado para sa pagreretiro. Narito kung paano:

- Mag-iipon ang mga empleyado sa pamamagitan ng mga kontribusyon sa payroll
- Mananatili sa empleyado ang kanilang account kahit na magpalit sila ng trabaho
- Madali, automated na pag-enroll
- Roth Individual Retirement Account (IRA)



Flexible na partisipasyon ng empleyado at mapagpipilian sa pamumuhunan

- Standard na mga opsiyon sa pamumuhunan at rate ng ipon na 5%
- Flexibility na pumili ng rate¹ ng ipon at mga pamumuhunan
- Piliing sumali o umalis sa CalSavers anumang oras²



Gastos sa empleyado

- Tinatayang \$0.83 - \$0.95 bawat taon kada \$100 sa account ng empleyado depende sa napili ng empleyado sa pamumuhunan
- Binabayaran ang:
 - Administrasyon ng programa
 - Mga sumasailalim na gastos sa pondo
 - Ang batay sa asset na bayarin ay awtomatikong kukunin mula sa balanse ng account sa regular na batayan



Menu ng pamumuhunan

Naghahandog ang CalSavers ng simpleng menu ng mga opsiyon sa pamumuhunan, mula sa mga konserbatibong opsiyon sa pamumuhunan na nais protektahan ang prinsipal hanggang sa mga agresibong pamumuhunan na naghahanap ng mga mas mataas na kita. Kapag namuhunan ang mga empleyado sa CalSavers, nakakakuha sila ng access sa mataas na kalidad na mutual funds at ibang opsiyon sa pamumuhunan, ang halaga nito ay iba-iba ayon sa kundisyon ng merkado. Kasama sa mga napili ang:

- Pondo sa Money Market³
- Mga Pondo para sa Target na Petsa sa Pagreretiro³
- Pondo ng Bono
- Global Equity na Pondo
- Pondo para sa Kabatiran sa Kapaligiran at Panlipunan

Ang mga empleyado ay makaka-access sa buong listahan ng mga opsiyon sa pamumuhunan sa saver.calsavers.com.

¹ Ang mga kontribusyon ay maaaring gawin hanggang sa mga limitasyon sa pederal na kontribusyong nakatakda para sa Roth IRA.

² Sa pagpiling umalis, maaaring iwan ng empleyado ang anumang natitirang balanse sa account, ilipat o ipasa ito sa ibang Roth IRA, o humiling ng distribusyon. Ang paghiling ng distribusyon ay maaaring magresulta sa mga buwis at multa.

³ Ang unang \$1,000 kontribusyon ay pupunta sa Pondo ng Money Market. Ang mga kontribusyon makalipas ang unang \$1,000 ay ilalagay sa Pondo para sa Target na Petsa sa Pagreretiro.

Ang CalSavers Retirement Savings Program ("CalSavers" o ang "Programa") ay awtomatikong pag-enroll na pagkaltas sa payroll na IRA na pinangangasiwaan ng California Secure Choice Retirement Savings Investment Board ("Board"). Ang Ascensus College Savings Recordkeeping Services, LLC ("ACSR") ay ang administrador ng programa. Ang ACSR at ang mga kasapi nito ay responsable para sa pang-araw-araw na operasyon. Ang mga kalahok na nag-iimpok sa pamamagitan ng CalSavers ay ang benepisyal na may-ari at may kontrol sa kanilang mga IRA, ayon sa nilaan sa Program Disclosure Booklet na makukuha sa saver.calsavers.com. Ang CalSavers ay hindi tinataguyod ng employer, at samakatuwid, hindi responsable ang employer para sa Programa o mananagot bilang tagapagtaguyod ng Programa. Hindi pinahihintulutan ang mga employer na iendorso ang Programa o hikayatin o payuhan ang mga empleyado kung lalahok, magkano (kung mayroon man) ang iaambag o magbigay ng tulong sa pamumuhunan.

Naghahandog ang CalSavers ng mga opsiyon sa pamumuhunan na napili ng Board. Para sa higit pang impormasyon sa mga opsiyon sa pamumuhunan ng CalSavers, pumunta sa saver.calsavers.com. Ang mga balanse ng account sa CalSavers ay iba-iba depende sa kundisyon ng merkado. Ang mga puhunan sa CalSavers ay hindi garantisado o sinisiguro ng Board, ng Estado ng California, ang Federal Deposit Insurance Corporation, o anumang ibang organisasyon.

Ang CalSavers ay ganap na boluntaryong programa sa pagreretiro. Ang mga nag-iipon ay maaaring umalis anumang oras o bawasan o dagdagan ang halaga ng mga kontribusyon mula sa payroll. Kung hindi sumali ang nag-iipon, maaari silang sa kalaunang bumalik sa CalSavers. Bilang dagdag, inaatang ng batas ng California na magsagawa ang CalSavers ng Panahon ng Bukas na Pag-enroll minsan bawat dalawang taon kung saan ang mga nararapat na empleyado na dating umalis sa Programa ay muling iimbitahan na lumahok sa ilalim ng awtomatikong pag-enroll at dapat muling umalis kung ayaw nilang lumahok sa Programa.

Ang pag-ipon sa pamamagitan ng IRA ay maaaring hindi angkop sa lahat ng mga tao. Ang pagpapadali ng employer sa CalSavers ay hindi dapat ituring na pag-endorso o rekomendasyon ng kalahok na employer, mga IRA, o mga opsiyon sa pamumuhunan na hinandog sa pamamagitan ng CalSavers. Ang mga IRA ay hindi eksklusibo sa CalSavers at maaaring makuha sa labas ng Programa at maibigay sa labas ng pagkaltas sa payroll. Ang pagbibigay sa CalSavers IRA sa pamamagitan ng pagkaltas sa payroll ay maaaring maghandog ng ilang benepisyon buwis at kahihinatnan. Subalit, hindi lahat ay nararapat na magbigay sa isang Roth IRA at ang mga nag-iimpok ay dapat kumonsulta sa tagapagpayo sa buwis o pinansiyal na tagapagpayo kung may mga tanong silang kaugnay ng mga buwis o pamumuhunan. Ang mga employer ay hindi nagbibigay ng pinansiyal na payo at ang mga empleyado ay hindi dapat makipag-ugnay sa employer para sa pinansiyal na payo. Dapat isangguni ng mga employer ang lahat ng mga tanong tungkol sa Programa sa CalSavers. Hindi mananagot ang mga employer para sa mga pasya na gagawin ng mga empleyado alinsunod sa Seksiyon 100034 ng Kodigo ng Pamahalaan ng California.